Republic of the Philippines
# Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION

DEPARTMENT OF EDUCATION - NCR
RELEASED
RECORDS SECTION DEPED NCR
JUN 23 2023
BY: DATE:

Advisory No. 230, s. 2023
June 22, 2023
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
This Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

**SANAYSAY NG TAON 2023**

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) Sanaysay ng Taon 2023 ay taunang timpalak na naglalayong himukin ang mga natatanging mananalaysay ng bansa na ilahok ang kanilang akda. Ang paksa ng sanaysay ay tungkol sa **sosyolingguwistikong interaksiyonal na pagdalumat sa mga katutubong wika ng Pilipinas na naghahain ng mapananaligang pag-aanalisa tungong modernisasyong pangwika.**

Para sa pagsusumite ng lahok, ilakip sa isang brown envelope ang sumusunod: Apat na kopya ng kompiyuterisadong lahok (Font 12 Arial), may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaimprenta sa short bond paper na may sukat na 81/2 x 11 pulgada.

Ipadala ang lahok sa:

Lupon sa Sanaysay ng Taon 2023
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson,1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod ng Maynila

Ang huling araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 28 Hunyo,2023, 5:00nh.

Para sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349,0 mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

Encl.: As stated

AD-2023-203

## KWF SANAYSAY NG TAÓN 2023


### MGA TUNTUNIN

1. Ang **Sanaysay ng Taón** ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa na ilahok ang kanilang mga akda.
2. Bukás ang timpalak sa lahat ng Pilipino, babae man o laláki, maliban sa mga kawani ng KWF at kaniláng kaanak.
3. Ang paksa ng sanaysay ay tungkol sa **sosyolingguwistikong interaksiyonal na pagdalumat sa mga katutubong wika ng Pilipinas na naghahain ng mapananaligang pag-aanalisa tungong modernisasyong pangwika.**
4. Kailangang nása wikang Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mulâ sa ibáng wika. Marapat na hindi ito magkukulang sa 15 páhiná at hindi rin sosobra sa 30 páhiná.
5. Bílang saliksik, kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nitó sa mga tuntuning nakasaad sa *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat* ***(i-download para sa libreng sipi)***.
6. Pára sa pagsusumite ng lahok, ilakip sa isang brown envelope ang sumusunod:
7. Apat (4) na kopya ng kompiyuterisadong lahok (Font 12, Arial), may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gílid na nakaimprenta sa short bond paper na may súkat na 8 ½ x 11 pulgada;
8. Soft copy (.doc fomat) ng lahok na nasa CD o USB;
9. Kinakailangang magtataglay lámang ang ipadadalang lahok ng sagisag-panulat (pen name) na kailanman ay hindi pa ginamit, at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok;
    - 
    - Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok;
    - **Entri Form**;
    - Curriculum vitae at/o bionote ng kalahok;
    - Isang 2×2 retrato ng kalahok; at
    - Photocopy ng bálidóng ID (Government Issued).

    Ipadalá ang lahok sa:

    **Lupon sa Sanaysay ng Taon 2023**
    Komisyon sa Wikang Filipino
    2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
    San Miguel, Lungsod Maynila

10. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **28 Hunyo 2023, 5:00 nh**. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.
11. Magpapadala ang KWF ng mensahe (text) kung natanggap na ang lahok.
12. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:
    - **Unang gantimpala, PHP30,000.00 (net) at karangalang maging "Mananaysay ng Taón", medalya, at plake;**
    - **Ikalawang gantimpala, PHP20,000.00 (net) at plake; at**
    - **Ikatlong gantimpala, PHP15,000.00 (net) at plake.**
13. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
14. Ang lahat ng mga natanggap na lahok ay hindi na ibabalik at angkin ng KWF ang unang opsiyon sa paglilimbag ng mga nagwaging akda.
15. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhúling nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasáli pa sa alinmang timpalak ng KWF.
16. Pára sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349, o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.


KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
1991